**Kabataang Pilipino: Mga Tools sa Paglago**

## II. BIBLE POWER

Ang tool o kasangkapan by definition ay anumang instrument o simpleng kagamitan na hawak mo sa iyong mga kamay at ginagamit sa paggawa ng isang particular na uri ng trabaho gaya ng martilyo, kutsilyo at iba pa. Ito rin ay nangangahulugan na anumang bagay na ginagamit mo sa isang particular na layunin ang isang particular na tool. Sa araling ito ay gagamitin natin ang huling kahulugan.

Ang layunin ng Diyos sa buhay mo ay maisakatuparan ang mga mabubuting gawa na Kanyang hinanda na iyong lalakaran.  Ito rin ang dapat na maging hangarin ng iyong puso. Ano man ang piliin mong propesyon sa buhay at kahit nasaang dako ka man ng bansa o mundo ay patuloy mong maisapamuhay ang Kanyang kalooban sa iyo. Ang mga tools na binabanggit sa araling ito ay kakailanganin mo upang ikaw ay lumago at maging matatag, upang maisakatuparan mo ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay.

Ang pangalawang tool na kailangan ng kabataang tulad mo ay ang Bibliya. Basahin at pag-aralan ito. Ang pag-aaral ng Bibliya ay nagsisimula sa pagbabasa. Basa. Basa. Basa. Kapag nakahiligan na ang pagbabasa araw-araw, o gabi-gabi, o araw at gabi, susunod na dito ang pagbubulay-bulay ng nabasang mga verses. Reading tapos meditation. Sa meditation part, inuusisa natin ang ating sarili kung nauunawaan ba natin ang ating nabasa? Kung hindi maliwanag, dapat na pag-isipan. Huwag magmamadali sa pagbabasa. Again, kung hindi maliwanag, pag-isipan. Isip. Isip. Isip.

**TimeOut**

Saan mo malalaman ang mabubuting gawa na nais ng Diyos na iyong isakatuparan?

______________________________________________________________________

Sa pag-aaral ng Bibliya, ano ang mga dapat mong gawin upang maunawaan ito?

______________________________________________________________________

### PAG-ARALAN:




Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

**2 Timoteo 3:16-17**

Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain.

*All Scripture is breathed out by God and profitable for teaching, for reproof, for correction, and for training in righteousness, that the man of God may be complete, equipped for every good work.*

**2 Pedro 1:20-21**

Higit sa lahat, unawain ninyong walang makapagbibigay ng sariling pagpapakahulugan sa alinmang propesiya sa Kasulatan, sapagkat ang pahayag ng mga propeta ay hindi nagmula sa kalooban lamang ng tao; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

*Knowing this first of all, that no prophecy of Scripture comes from someone's own interpretation. For no prophecy was ever produced by the will of man, but men spoke from God as they were carried along by the Holy Spirit.*

**Mga Awit 119:105**

Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw.

*Your word is a lamp to my feet and a light to my path.*

**Juan 20:30-31**

Marami pang mga himalang ginawa si Jesus na nasaksihan ng mga alagad na hindi nakasulat sa aklat na ito. Ngunit ang mga nakasulat dito ay isinulat upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at sa pagsampalatayang iyon ay magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.

*Now Jesus did many other signs in the presence of the disciples, which are not written in this book; but these are written so that you may believe that Jesus is the Christ, the Son of God, and that by believing you may have life in his name.*

**Hebreo 4:12-13**

Ang salita ng Diyos ay buháy at mabisa, mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila'y may talim. Ito'y tumatagos maging sa kaibuturan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at buto, at nakakaalam ng mga iniisip at binabalak ng puso. Walang nilalang na makakapagtago sa Diyos; ang lahat ay hayag at lantad sa kanyang paningin, at sa kanya tayo magsusulit ng ating mga sarili.

*For the word of God is living and active, sharper than any two-edged sword, piercing to the division of soul and of spirit, of joints and of marrow, and discerning the thoughts and intentions of the heart. And no creature is hidden from his sight, but all are naked and exposed to the eyes of him to whom we must give account.*

1. Ayon sa 2 Timoteo 3:16-17 at 2 Pedro 1:20-21, kanino nagmula ang mga salita na nakapahayag sa Bibliya?

   ______________________________________________________________

2. Ayon sa 2 Timoteo 3:16-17, saan kapaki-pakinabang ang salita ng Diyos?

   ______________________________________________________________

3. Ayon sa Juan 20:30-31, bakit maraming mababasa sa Bibliya na mga nakatalang himala na ginawa si Jesus?

   ______________________________________________________________

4. Ayon sa Hebreo 4:12-13, mayroon ba tayong malilihim sa Diyos?

________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Kung ang prayer ang tubig ng kaluluwa, ang Bibliya naman ang pagkain nito. Matapos matutuhan kung paano manalangin ng tama, alamin mo naman ang nilalaman ng Bibliya.

Ang lahat ng bagay na itinuturo ng Bibliya ay hindi natin matututuhan nang lubos, ibuhos man natin ang ating buong buhay. Subalit mayroong sapat na karunungan na makapagsisilbing gabay upang ating maunawaan ang kahulugan ng buhay. Ating pag-isipan at himay-himayin ang mga sumusunod:

- Ang Bibliya ay salita ng Diyos. 2 Timoteo 3:16-17 at 2 Pedro 1:20-21
  Dahil sa ang Bibliya ay salita ng Diyos, ito ay may awtoridad.

- Sinasabi sa Psalm 119:105 na ang salita ng Diyos ay lampara sa aking paa at ilaw sa aking daraanan. Samakatuwid, ang Bibliya ang mag-aakay sa atin sa kadiliman upang tayo ay hindi madapa o maligaw sa ating dinaraanan. Ito ang mag-aahon sa atin mula sa kamang-mangan tungo sa karunungan. Ito ay malinaw; ito ay mauunawaan.

- Ang Bibliya ay aklat ng katotohanan tungkol sa kalikasan at kalooban ng Diyos at kalikasan at layunin ng Kanyang nilikha. Ito ay kinakailangan lalong-lalo na sa taglay nitong gabay sa buhay — sa pagtukoy kung ano ang totoo, mabuti at tama. Ito ang nagbibigay ng kabuuan sa lahat ng iba’t ibang bahagi ng buhay at sangnilikha.

- Ang sabi ni John sa kanyang gospel ay *marami pang ginawang mga milagro ang Panginoong Jesus na nasaksihan ng Kanyang mga alagad maliban sa taglay ng kanyang sinulat na aklat. Subalit ang dahilan ng pagbuo nito ay upang tayo ay maniwala na si Jesus ang Mesias, ang Anak ng Diyos, at sa pamamagitan ng pananalig tayo ay magkaroon ng buhay sa Kanyang pangalan* (John 20:30-31). Samakatuwid, ang Bibliya ay sapat para sa isang matagumpay at masaganang pamumuhay na nagbibigay kaluwalhatian sa Diyos.

Ang BIbliya ay may 66 books na nahahati sa 2 bahagi: Lumang Tipan (39 books) at Bagong Tipan(27 books). Kilalanin ang mga ito.

Isulat ang pangalan ng aklat na hinahanap sa bawat bahagi. Gamitin ang numero na nakikita at isulat sa patlang ang pangalan ng aklat base sa bilang ng pagkakasunod-sunod nito sa Bibliya.

A. LUMANG TIPAN – nahahati sa 3 bahagi:

⇒ Mga Aklat ng Historia

Mga Simulain - 1.

Ang Hinirang na Bayan ng Diyos - 2. 3.

Tungo sa Pangakong Lupain - 4. 5.

Pagsakop ng Pangakong Lupain - 6. 7.

8.

Ang Nagkakaisa at Ang Nahahating Kaharian-

9. 10. 11.

12. 13. 14.

Ang Panahon ng Deportasyon -

15. 16. 17.

⇒ Mga Aklat ng Karunungan

18. 19. 20.

21. 22.

⇒ Mga Aklat ng Propeta

23. 24. 25. 26.

27. 28. 29. 30.

31. 32. 33. 34.

35. 36. 37. 38.

39.

B. BAGONG TIPAN – nahahati sa 4 na bahagi

⇒ Gospels -

| | |
|---|---|
| 1. | 2. |
| 3. | 4. |

⇒ Ang Paglaganap ng Ebanghelyo - 5.

⇒ Mga Sulat

| | | |
|---|---|---|
| 6. | 7. | 8. |
| 9. | 10. | 11. |
| 12. | 13. | 14. |
| 15. | 16. | 17. |
| 18. | 19. | 20. |
| 21. | 22. | 23. |
| 24. | 25. | 26. |

⇒ 27.

**PAGBULAY-BULAYAN:**

1. Ikaw ba ay naglalaan ng oras upang magbasa at mag-aral ng salita ng Diyos? ____________

Kung oo ang iyong sagot, gaano mo kadalas ito gawin?

________________________________________________________________

Kung hindi ang iyong sagot, ipaliwanag kung bakit hindi mo ito ginagawa.

________________________________________________________________

2. Matapos pag-aralan ang lesson, i-rate mo from 1 to 10 (10 being the highest) ang kahalagahan ng pagbabasa at pag-aaral ng salita ng Diyos sa iyong buhay. Ipaliwanag kung bakit iyon ang nilagay mong rating.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | mahalaga ang pagbabasa at pag-aaral ng salita ng Diyos sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw. **Mga Awit 119:105**